



Mabisa ba ang mga bagong bakuna?

Oo. Nakasaad sa bagong siyensiya at pananaliksik na ang mga bakunang Pfizer, Moderna, at Johnson & Johnson ay lubos na mabisa sa pag-iwas sa mga sintomas, malubhang sakit, at kamatayan.

Ipinapakita sa mga klinikal na pagsubok para sa lahat ng tatlong bakuna na 100 porsyento ang bisa ng mga ito sa pag-iwas sa mga pagkamatay mula sa COVID-19 sa mga taong nabakunahan.

Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay nangangailangan ng dalawang dosis, habang ang bakunang Johnson & Johnson ay nangangailangan lamang ng isang dosis. Para sa karamihan sa mga tao, ang pinakamahusay na bakuna ay ang una nilang makukuha.

Ligtas ba ang mga bakuna?

Oo. Naggawad ang U.S. Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot) ng Emergency Use Authorizations (EUA, Mga Awtorisasyon sa Pang-emerhensyang Paggamit) para sa tatong bakuna para sa COVID-19 na napatunayang ligtas at mabisa, gaya ng napag-alaman sa mga datos na mula sa mga tagapagmanupaktura at sa mga natuklasan mula sa malalaking klinikal na pagsubok.

Hindi minadali ang pananaliksik, at walang hakbang na nilaktawan. Ipinapakita sa mga datos na ang mga alam at potensyal na kapakinabangan ng lahat bakuna ay mas matimbang kaysa sa mga alam at potensyal na panganib na maapektuhan ng COVID-19.

Ginawa ba ng mga siyentipiko ang lahat ng kailangan at mahahalagang hakbang sa pagbuo ng mga bakuna?

Oo. Kumuha ang mga siyentipiko mula sa pananaliksik na isinagawa para sa SARS-CoV noong 2003 at MERS noong 2012, na nagpaikli sa karaniwang panahon sa pagbubuo ng bakuna mula sa simula. Halimbawa, ang bakunang Moderna ay binuo noon pang Pebrero 2020, ngunit kailangang subukan sa libu-libong boluntaryo ng ilang buwan upang matiyak na ligtas ito. Ang unang tatlong bakuna ay inawtorisahan lamang pagkatapos masuri ang mga ito sa mahigit 100,000 katao.

Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa bakunang Johnson & Johnson?

Ang bakunang Johnson & Johnson ay inaprubahan para sa mga taong nasa edad na 18 taong gulang at pataas. Ito ay bakunang may iisang dosis. Makukuha ito nang libre.

Natagpuan sa isang pagsusuri ng FDA na ang bakunang Johnson & Johnson ay may 85 porsyentong bisa sa pag-iwas sa malubhang COVID-19 at 100 porsyentong bisa sa pag-iwas sa kamatayan. Sa Estados Unidos, ang iisang dosis ay may 72 porsyentong bisa sa pag-iwas sa sakit na katamtaman hanggang malubha.

Ang iisang dosis na bakuna ay mas kumbinyente kaysa sa dalawang dosis na bakuna. Ang mga taong hindi makaalis sa trabaho para makatanggap ng dalawang dosis o walang regular na doktor ay ganap na mababakunahan pagkatapos ng isang dosis.

Ang mga kagawaran ng pampublikong kalusugan ay mabilis na makakapagpamahagi ng mga iisang dosis ng bakunang Johnson & Johnson sa mga taong hindi madaling makakapunta sa mga pangalawang appointment – gaya ng mga taong walang matatag na tirahan o mga lalabas ng ospital.



ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY PUBLIC HEALTH DEPARTMENT

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact

Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org